Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT**
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, Quezon City
www.dilg.gov.ph

RELEASED
Signature
Date 10-12
Control Number
RECORDS SECTION

BIYAHENG PINOY
TAPAT NA PALAKAD, BAYANG MAUNLAD

October 12, 2015

MEMORANDUM SIRKULAR
Blg. 2015-121

SA MGA : PUNONG LALAWIGAN, PUNONG LUNGSOD, PUNONG BAYAN, PUNONG PANREHIYON NG ARMM, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG, AT IBA PANG KINAUUKULAN

PAKSA : SERTIPIKONG PROGRAMA SA PAMBANSANG PAGSASANAY SA BATAYANG ANTAS NG PAGSASALIN

---

Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay magdaraos ng **SERTIPIKONG PROGRAMA SA PAMBANSANG PAGSASANAY SA BATAYANG ANTAS NG PAGSASALIN** (UNANG SERYE) sa ika 11 at 12 ng Nobyembre, 2015, sa Bangko Sentral ng Pilipinas, Malate, Maynila. Ang pangunahing layunin ng pagsasanay ay ang matipon ang mga tagasalin at lahat ng may kakayahang magsalin hindi lamang sa Filipino kundi, sa iba pang katutubong wika na Filipinas, gayundin sa wikang Ingles, Espanyol at iba pang wikang banyaga. Itinuturing na pambansa ang pagsasanay sapagkat ang pipiliing tagasalin na mabibilang sa binubuong registry ng tagasalin ay magmumula sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

Bubuuin ng dalawang antas ang pagsasanay na isasagawa para sa akreditasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang unang bahagi ng programa ay ang batayang antas para sa mga baguhan o nagsisimula pa lamang sa larangan ng pagsasalin. Ang ikalawang bahagi nito ay ang antas intermedia na ibinibigay para sa mga nakapasa sa antas batayan at mga may karanasan na sa pagsasalin,

Dahil dito, inaanyayahang dumalo sa pagsasanay ang mga kinatawan ng mga lalawigan, lungsod o bayan, upang madagdagan at maisapanahon ang kanilang mga kaalaman na makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang gampanin sa paghahatid ng kaalamang pangmadla, gaya ng mga editor, mga manunulat, mga mananaliksik, mga iskolar, at iba pa.

May kaukulang butaw na Dalawang Libong Piso (PhP2, 000.00) para sa rehistrasyon kasama ang seminar kit, sertipiko, at pagkain ng mga kalahok (2 tanghalian, 4 merienda), at hindi kasama ang akomodasyon.

Limitado ang bilang ng aanyayahan para sa unang serye kaya't inihikayat na magpatala ng maaga at ikumpirma ang pagdalo bago 16 Oktubre 2015. Para sa reserbasyon, detalye at iba pang impormasyon, tumawag o makipag-ugnayan sa tanggapan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa telepono blg. (02) 736-25-25 lokal 107 o sa mobile phone blg. 09343148801 / 09062707104 o sa email address: pagsasalin 101@gmail.com

Hinihikayat ang pakikipagtulungan ng mga Pangrehiyong Direktor ng kagawarang ito, pati ang DILG-ARMM Pangrehiyong Gobernador, para sa maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum Sirkular na ito.

Sa Kapangyarihan ng Kalihim:

**AUSTERE A. PANADERO**
Pangalawang Kalihim sa Pamahalaang Lokal

DILG-OUSLG
2015-10-03896

It's more fun in the Philippines